## 1 Magmalasakit sa Mahihirap

**Ang Misyon ni Hesus (Lukas 4: 16 -21)**

Si Hesus ay palaging tumutulong sa mga mahihirap. Siya ay nagpagaling ng may sakit, nagpakain ng nagugutom, ipinagtanggol ang mga niloloko at marami pa.

Sa Pondo ng Pinoy, ikaw ay nagpapatuloy ng ginawa ni Hesus dahil ang mga malilit na gawaing mabuti, tulad ng pag-iipon ng mga barya ay nakakatulong sa mga mahihirap.

## 2 Pahalagahan ang Kapwa

**Ang Parabula ng Mayaman at si Lazaro (Lukas 16: 19-31)**

Huwag nating tularan ang mayaman na hindi pinapansin ang pulubing si Lazaro kahit lagi lang niya itong nakikita. Ngayon pa man, isipin ang ibang tao, huwag magaksaya sa hindi kinakailangan, palaging magdarasal at magpasalamat sa Diyos. Ano pa ang mga mailiit na bagay na maaari mong gawin upang makatulong sa kapwa at sa kalikasan?

## 3 Maging Mapagbigay sa Lahat ng Oras

**Talinghaga tungkol sa Buto ng Mustasa (Mateo 13:31-32)**

Pinakamaliit sa lahat ng binhi ang buto ng mustasa. Ngunit pagtubo nito, ito'y nagiging malaking punongkahoy na pinagpupugaran ng mga ibon. Katulad ng buto ng mustasa, ang maliliit na mabubuting bagay na ibinibigay mo para sa kapwa tulad ng pag-iipon araw-araw ng kasing liit ng 25 sentimos, kapag pinag-sama-sama ay malaki ang maitutulong lalo na sa mga mahihirap. Kaya sa Pondo ng Pinoy, "Anumang magaling, kahit maliit, basta't malimit ay patungong langit."

## 4 Tularan ang mga Ginawa ni Hesus

**Ang Mabuting Pastol (Juan 10:10)**

Alam mo bang dahil sa 25 sentimos na inipon at ibinigay mo sa Pondo ng Pinoy, nakatulong ito sa mga nangangailangan katulad ng ginawa ni Hesus noon? Dahil sa mga baryang inipon mo, nakapagpakain ka ng maraming mga bata, nakapag-bigay ng scholarships, nakapagbigay ng hanap-buhay, nakapagpatayo ng mga bahay!

## 5 Matuto sa Pagtulong

**Si Hesus at ang Babae sa Balon (Juan 4:2-15)**

Sa tulong na ibinigay mo, maraming mga kababayan ang gumanda ang buhay, nagpapasalamat na kahit bata ay marunong at kayang tumulong!

Ikaw, ano ang pakiramdam na ikaw pala ay nakakatulong kahit sa maliit na paraan?

## 4 Pillars ng Pondo ng Pinoy:


maliliit na kabutihan



laging ginagawa


dahil sa pag-ibig


nakakatulong sa mga mahihirap



Photo by:
Prince Loyd Besorio



@pnpcfi_nmo
www.pondongpinoy.com
Pondo ng Pinoy Community Foundation, Inc
Telephone no.: (02) 8527-8113 / (02) 8527-8114
Contact no.: (+63) 917-571-5988 / (+63) 928-507-8116

## Panalangin ng Pondo ng Pinoy


Panginoong Hesus, itinuro Mo sa amin na ang Kaharian ng Diyos ay parang butil ng mustasa, ang pinakamaliit sa lahat ng mga butil. Ngunit kapag lumaki, ito ay nagiging mataas at malaking puno kung saan tumitira ang mga ibon.

Panginoon, katulad ng butil ng mustasa, ninanais ng Pondo ng Pinoy na sa mga munting kabutihan na palagiang ginagawa, makatutulong kami sa aming kapwa lalo na sa mga mahihirap.

Itinuturo din ng Pondo ng Pinoy na sa patuloy na paggawa ng mga munting kabutihan, hindi lamang ang nakatatanggap ang natutulungan kung hindi maging kaming nagbibigay. Sa palagiang paggawa ng kabutihan, kami ay natututong maging mas mapagmalasakit at mapagmahal sa kapwa.

Panginoon, tulungan Mo nawa kaming nagsusumikap isabuhay ang aral ng Pondo ng Pinoy upang makamit ang buhay na masaya at mapayapa para sa lahat ng aming kapwa.

Amen.



# Pondo ng Pinoy Guide for Kids

Children's Catechesis